Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

19 Mayo 2019 Ika-5 Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay Taon K

Ang Tanda ng Alagad ni Kristo

Tayo ay nagdiriwang ng Ikalimang Linggo ng Muling Pagkabuhay. Kay rami ng ating isinasabit sa ating mga dingding, sa ating mga damit, at sa ating leeg upang ipakitang tayo ay mga alagad ni Kristo. Ang mga kaanib ng mga samahan sa simbahan ay may iba't ibang uniporme upang ipakitang naglilingkod sila sa Bayan ng Diyos. Ang mga madre rin ay iba't iba ang hugis at kulay ng kanilang mga abito upang ipamalas na sila ay mga nakatalaga sa Diyos. Ang kaparian din ay may mga tandang isinusuot upang ipamalas na sila ay nasa pamunuan ng Simbahan.

Ngunit kahit paano mo pagbali-baligtarin ang mga Ebanghelyo ay wala kang mababasang tandang hiniling si Kristong isuot ng kanyang mga alagad. Walang tandang nais ni Hesus na taglayin ng kanyang mga tagasunod maliban sa pag-ibig sa kapwa. Kung walang pag-ibig ay walang saysay ang pinakamagandang krus o pinakamaringal na uniporme ng ating suot. Pag-ibig ang tunay na tatak-Kristiyano.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Bagong awit ay ialay sa ating Poong Maykapal. Tanang bansa'y nakinabang sa kanyang kapangyarihan. Aleluya, s'ya'y idangal!

Pagbati

***P*–**Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong nagmamahal nang tunay, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

***B* – At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

***P*–**Madalas tayong nagtatago sa likod ng iba't ibang tanda upang ipakitang tayo'y mga Kristiyano. Para sa ating kakulangan sa pag-ibig na siyang tunay na tatak-Kristiyano, humingi tayo ng tawad sa Diyos. *(Manahimik sandali.)*

***P* –**Para sa aming kakulangan ng pananampalataya sa iyong itinuro tungkol sa pag-ibig sa kapwa, Panginoon, kaawaan mo kami!

***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –**Para sa aming kakulangan ng pag-asa sa pagbabago ng daigdig na madadala ng pag-ibig sa kapwa, Kristo, kaawaan mo kami!

***B* – Kristo, kaawaan mo kami!**

***P* –**Para sa aming kakulangan ng pagmamahal sa iyo, na dapat naming ipamalas sa pag-ibig sa aming kapwa, Panginoon, kaawaan mo kami!

***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –**Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

***B* – Amen!**

Papuri

***B*–** Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

***P*–**Ama naming makapangyarihan, kaming mga tinubos ay tunghayan mo ngayon sa iyong kagandahang-loob upang sa pagsampalataya sa Anak mong si Kristo, makamtan ang kalayaan at pamana sa piling mo sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Gw 14:21-27***

Nais patatagin nina Pablo at Bernabe ang loob ng mga Kristiyano. Ginawa nila ito sa pagsasabing ang kapighatian ay kailangan bago makapasok sa Kaharian ng Diyos. Ang pinaghuhugutan ng lakas ay ang Muling Pagkabuhay ni Kristo.

L –Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Noong mga araw na iyon, nagbalik sina Pablo at Bernabe sa Listra, sa Iconio, at sa Antioquia ng Pisidia. Pinatatag nila ang kalooban ng mga alagad at pinagpayuhan na manatiling tapat sa pananampalataya. "Magdaranas muna tayo ng maraming kapighatian bago makapasok sa kaharian ng Diyos," turo nila sa kanila.

Sa bawat Simbahan, humirang sila ng matatandang mamamahala, at matapos manalangin at mag-ayuno, ang mga ito'y itinagubilin nila sa Panginoon na kanilang pinananaligan.

Tinahak nila ang Pisidia, at nakarating ng Panfilia. Ipinangaral nila sa Perga ang salita ng Diyos, at pagkatapos ay bumaba sila sa Atalia. Mula roon, naglayag silang pabalik sa Antioquia. Dito sila nagsimula ng gawaing ginanap nila matapos silang itagubilin sa pagkakalinga ng Diyos.

Pagdating doon, tinipon nila ang mga kaanib ng Simbahan at isinalaysay ang lahat ng ginawa ng Diyos sa pamamagitan nila, at kung paanong binuksan niya ang daan upang makapanampalataya ang mga Hentil.

Ang Salita ng Diyos!

***B* – Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 144***

B –Diyos ko at aking Hari, pupurihin kitang lagi!

R. M. Velez





*** Ang Panginoong D'yos ay puspos ng pag-ibig at lipos ng habag, banayad magalit, ang pag-ibig niya'y hindi kumukupas. Siya ay mabuti at kahit kanino'y hindi nagtatangi; sa kanyang nilikha, ang pagtingin niya ay mamamalagi.** ***B.***

*** Magpupuring lahat sa iyo, O Poon, ang iyong nilalang; lahat mong nilikha ay pupurihin ka't pasasalamatan. Babanggitin nilang tunay na dakila ang 'yong kaharian, at ibabalitang tunay kang dakila't makapangyarihan.** ***B.***

*** Dakila mong gawa'y upang matalastas ng lahat ng tao, mababatid nila ang kadakilaan ng paghahari mo. Ang paghahari mo'y sadyang walang hanggan, hindi magbabago.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***Pah 21:1-5***

Ang wakas ng panahon ay kakikitaan ng dakilang kasalan ng Hesukristo, ang Kordero ng Diyos, at ng kanyang Simbahan.

Ang Simbahan ay ang babaeng ikakasal, ang Bagong Jerusalem, at ang Banal na Lunsod. Ito ay mangyayari kapag naganap na ang pagbabagong dala ng Muling Pagkabuhay ni Kristo.

L –Pagpapahayag mula sa Aklat ng Pahayag

Akong si Juan ay nakakita ng isang bagong langit at isang bagong lupa. Wala na ang dating langit at lupa; wala na rin ang dagat. At nakita ko ang Banal na Lunsod, ang bagong Jerusalem, bumababang galing sa langit buhat sa Diyos, gaya ng babaing ikakasal, gayak na gayak sa pagsalubong sa lalaking mapapangasawa niya.

Narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa trono, "Ngayon, ang tahanan ng Diyos ay nasa piling na ng mga tao! Mananahan siyang kasama nila, at sila'y magiging bayan niya. Makakapiling nila nang palagian ang Diyos at siya ang magiging Diyos nila. At papahirin niya ang kanilang mga luha. Wala nang kamatayan, dalamhati, pag-iyak, at sakit sapagkat lumipas na ang dating mga bagay."

Pagkatapos ay sinabi ng nakaupo sa trono, "Ngayon, binabago ko ang lahat ng bagay!"

Ang Salita ng Diyos!

***B* – Salamat sa Diyos!**

Aleluya ***Jn 13:34***

***B* – Aleluya! Aleluya!**
Bagong utos, ani Kristo,
mag-ibigan sana kayo
katulad ng pag-ibig ko.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita ***Jn 13:31-33. 34-35***

Ang siping ito sa Ebanghelyo ni Juan ay naglalahad ng nangyari pagkaalis ni Hudas sa senakulo. "Gabi na noon" (Juan 13:30b). Sa dilim ng gabing dala ng pagtataksil ni Hudas ay kailangan ang liwanag na dala ng apoy ng pag-ibig. Ang pag-ibig sa kapwa ang buod ng buhay-Kristiyano.

P –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

***B* – Papuri sa iyo, Panginoon!**

Pagkaalis ni Judas mula sa Huling Hapunan, sinabi ni Hesus, "Ngayo'y mahahayag na ang karangalan ng Anak ng Tao; at mahahayag din ang karangalan ng Diyos sa pamamagitan niya. At kung mahayag na ang karangalan ng Diyos, ang Diyos naman ang maghahayag ng karangalan ng Anak, at gagawin niya ito agad.

Mga anak, kaunting panahon na lamang ninyo akong makakasama. Isang bagong utos ang ibinibigay ko sa inyo: Mag-ibigan kayo! Kung paanong inibig ko kayo, gayon din naman, mag-ibigan kayo. Kung kayo'y mag-ibigan, makikilala ng lahat na kayo'y mga alagad ko."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B* – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B –Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa

kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P– Hingin natin sa Diyos na mapasaatin ang dalisay na pag-ibig sa kapwa, ang tunay na tatak ng alagad ni Kristo. Ang ating sasambitin ay:

***B* –Amang mapagmahal, dinggin Mo ang Iyong bayan!**

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang kakitaan sila ng tunay na halimbawa ng pag-ibig sa kapwa, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay lumago sila sa dalisay na malasakit sa kanilang kapwa kabataan, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang maglingkod sila nang may pagmamahal sa taong-bayan, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa mga Kristiyanong naghahangad na ipakita ang kanilang pagiging alagad sa mga panlabas na bagay, upang idiin nila sa kanilang buhay ang pag-ibig sa kapwa, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang matutunan nating maging tunay na mga alagad ni Kristong muling nabuhay sa pamamagitan ng pagtupad sa kanyang dakilang utos ng pag-ibig, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Tahimik nating idalangin ang mga pansariling kahilingan. *(Tumigil sandali.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P –Ama naming bukal ng dalisay na pag-ibig, ibuhos Mo sa amin ang handog ng Iyong Espiritu upang lumago kami sa pag-ibig sa kapwa at nang kami'y makilalang tunay na mga alagad ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.
***B*–Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P – Manalangin kayo . . .
***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, sa paghahain ng banal na pagpapalitan ng iyong mga kaloob at ng aming alay kami'y pinapagsasalo mo sa iyong buhay na namumukod-tangi at walang kapantay. Ipagkaloob mong ang aming pakikinabang sa iyong pakikisamang aming maaasahan ay siya ring umiral sa aming pamumuhay araw-araw sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

Prepasyo ng Pagkabuhay II

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Sa paghahain ng sariling buhay at sa pagkabuhay ng Anak mong mahal, nabuksang ganap ang iyong tahanan at kaming pinaghaharian mo'y naging kasambahay. Sa pagkamatay niya sa krus, nalupig ang kamatayan. Sa kanyang pagkabuhay, naging buhay siya ng tanan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B* – Santo, santo, santo . . .**

Pagbubunyi

***B* – Sa krus mo't pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

PAKIKINABANG

***B* – Ama namin . . .**
P – Hinihiling namin . . .
***B* – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B* – Kordero ng Diyos . . .**

Paanyaya sa Pakikinabang

P – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B* – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ako ang puno ng ubas, kayo'y aking sangang lahat. Ang manatiling matapat, magbubunga nang marapat. Aleluya sa Mesiyas!

Panalangin Pagkapakinabang

P – Ama naming mapagmahal, manatili kang kapiling ng iyong sambayanan na ngayo'y pinapakinabang mo sa iyong sariling buhay, at gawin mong kami'y pasulong na makahakbang mula sa dati naming pagkamakasalanan patungo sa pagbabagong nagdudulot ng iyong kabutihan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* –Amen!**

PAGWAWAKAS

P –Sumainyo ang Panginoon.
***B* –At sumaiyo rin!**

P –Magsiyuko at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik sandali.)*
Iadya nawa kayo ng Diyos sa lahat ng masama at patnubayan kayo sa lahat ng inyong gawain.
***B* –Amen!**

P –Magpanibagong buhay nawa kayo sa Kanyang pagpapatawad at pagpapala.
***B* –Amen!**

P –Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.
***B* –Amen!**

P –Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
***B* –Salamat sa Diyos!**

Munting Katesismong Pampaskuwa sa Taon ng mga Kabataan

(P. René T. Lagaya, SDB)

ANG MGA KATANGIAN NG MGA ALAGAD NI KRISTO

Panimula: Marami ang mga katangian ng isang samahan o kumpanya. Kailangang malinaw ito, hindi lamang sa mga kaanib at nagnanais umanib, kundi pati na rin sa taga-labas. Ito ay para maiwasan ang mga maling akala at di pagkakaunawaan.

Pagpapalalim: Ang Kaharian ng Diyos ay marami ring katangian. Dapat ay taglay ang mga ito ng bawat alagad ni Kristo. Malinaw ba sa iyo ang mga katangiang ito?

Pagbasa: Juan 13:31-35

Buod: Ang unang katangian ng mga alagad ni Kristo ay ang pagkakilala sa Diyos bilang **Ama**. Ang panalangin ng isang mabait na Hudyo ay ang *Shema: "Dinggin ninyo mga Israelita: Ang Panginoon lamang ang Diyos. Ibigin ninyo siya nang buong puso, kaluluwa, at lakas" (Deuteronomio 6:4-5).* Ngunit ito ay pinalitan ng mga Kristiyano sa *Ama Namin,* ang panalanging itinuro ni Hesus: *"Ganito kayo mananalangin: Ama namin, sumasalangit ka, sambahin ang ngalan mo" (tingnan Mateo 6:9).* Nais ni Hesus na kilalanin ng kanyang mga alagad ang Diyos bilang kanilang Ama: *"Upang ipakilalang kayo'y mga anak ng Diyos, pinagkalooban niya tayo ng Espiritu ng kanyang Ama nang tayo'y makatawag sa kanya ng 'Ama! Ama ko!' " (Galacia 4:6)*

Ang ikalawang katangian ay ang pagtanggap kay **Hesukristo** bilang Panginoon. Ang turo ni Pedro sa umaga ng Pentekostes: *"Kaya't dapat malaman ng buong Israel na itong si Hesus ay ipinako ninyo sa krus – siya ang ginawa ng Diyos na Panginoon at Kristo!" (Gawa 2:36)* Kay Hesukristo dapat umiikot ang buhay ng isang alagad: *"Ngunit dahil kay Kristo, ang mga bagay na maaari kong ibilang na pakinabang ay inari kong kalugihan. Oo, inari kong kalugihan ang lahat ng bagay bilang kapalit ng lalong mahalaga, ang pagkakilala kay Kristo Hesus na aking Panginoon. Ang lahat ng bagay ay ipinalagay kong walang kabuluhan makamtan ko lamang si Kristo, at lubos na makiisa sa kanya" (Filipos 3:7-9a).*

Ang ikatlong katangian ay ang pagiging kaanib ng Mag-anak ng Diyos – ang **Simbahan**. Walang Kristiyanong nag-iisa. Siya ay kaanib ng *"kasamahan ng mga banal."* Ang pagiging alagad ni Kristo ay laging kaugnay ng pagbuo ng isang pamayanan. *"Sapagkat si Kristo'y tulad ng isang katawan na may maraming bahagi; bagamat binubuo ng iba't ibang bahagi, iisa pa ring katawan" (11 Corinto 12:12).*

Ang ikaapat na katangian ay ang **pag-ibig**. May mga Kristiyanong ipinapakita ang kanilang pagiging alagad ni Kristo sa pamamagitan ng pagsusuot ng iba't ibang panlabas na tanda, tulad ng abito, uniporme, krus, medalya, at iskapularyo. Ngunit sa buong Bagong Tipan ay walang mababasang panlabas na tandang hiningi si Hesus sa kanyang mga alagad. Sa halip, ito ang kanyang nais – ang pag-ibig: *"Kung kayo'y mag-ibigan, makikilala ng lahat na kayo'y mga alagad ko" (Juan 13:35).*

Pagsasabuhay: Ang pagbibigay ng labis na pagpapahalaga sa mga panlabas na tanda ay maaaring pagtatago ng kawalan ng tunay na tanda ng alagad ni Kristo – ang pag-ibig. Ito ang talagang hinahanap ng mga kabataan sa mga nakatatanda sa kanila. Ito rin ang hinahanap nila sa isa't isa. Ang may pag-ibig ang tunay na anak ng Diyos, alagad ni Kristo, at kaanib ng Simbahan.

Pagdiriwang: *"Ama naming makapangyarihan, pag-alabin Mo sa Espiritu ng pag-ibig ang aming kalooban upang lagi naming maisaloob ang minamarapat Mong kalugdan at sa kapwa'y maiukol namin ang wagas na pagmamahal sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. Amen!"*

Makinig sa Radyo Totoo (846 kHz) tuwing Sabado, alas-5:00 hanggang alas-6:00 ng gabi, at makibahagi sa

"BISPERAS SA VERITAS"

– ang masigla't *"interactive"* na palatuntunang pantulong para tuklasin ang mensahe ng Salita ng Diyos para sa ikatatatag ng inyong buhay, mag-anak, at pamayanan.

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Marketing:*** Fr. B. Nolasco • ***Circulation:*** R. Saldua